



INTERAKTIBONG MODYUL SA PAGTUTURO NG FILIPINO

Jessica Marie Inalvez - Dela Peña, PhD.¹ Dr. Arlyn C. Cura² Prof. Juvy V. Galamay³

¹ Graduate School Research Chairperson at Tarlac State University <https://orcid.org/0000-0002-4556-6513>

² College of Teacher Education Researcher at Tarlac State University

³ College of Arts and Social Sciences Researcher at Tarlac State University

Article DOI: <https://doi.org/10.36713/epra12378>

DOI No: 10.36713/epra12378

ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagbuo at balidasyon ng interaktibong modyular sa pagtuturo ng mga suprasegmental. Ang diin, antala/hinto, at ang intonasyon sa pagtuturo sa kolehiyo taong panuruan 2010-2011.

Ginamit ang Research and Development Method sa pananaliksik na dumaan sa proseso ng paggawa at pagpapaunlad ng modyul na ginamitan ng teknolohiya.

Ang presentasyon ng nabuong modyul ay ginawa sa paglalapat ng power point presentation na ginamitan ng visual basic. Ito ay dumaan sa apat na proseso: pagbuo ng modyul, pagpapaunlad sa modyul, pagpapabalidasyon ng modyul at ang paggamit ng mga try-out group sa modyul.

Nagkaroon ng pinakamataas na katanggap-tanggap na resulta ang pagbuo at balidasyon ng interaktibong modyul na siyang naging daan upang malubos ang pagkaunawa sa mga suprasegmental at maging matagumpay ang pagsasakatuparan nito.

SUSING-SALITA: *Interaktibong Modyul, Suprasegmental, Power Point Presentation, Visual Basic*

INTRODUKSYON

Ang tao ang pinakamataas na uri ng nilalang ng Diyos dahil sa kaniyang kakayahang mag-isip at mangatwiran. Siya ay nagtataglay ng kaisipang makasusuri sa kaniyang paligid. Dahil dito naipahahayag niya ang kaniyang damdamin at kaalaman sa tulong ng wika. Ito ang magiging sandata niya sa pakikipagsapalaran sa buhay at maging sa pagkamit ng kaniyang mga panagarap.

Wika ang tanging kasangkapan ng tao sa pakikipag-ugnayan niya sa kapwa, sa asosasyon, sa institusyon, at maging sa dakilang Bathala. Hindi mangyayari ang kabihasan ngayon kung walang wikang magiging tulay sa paghahatid ng mga karanasan, opinyon, kaisipan at damdamin ng tao.

Ayon kay Bautista (2008), mahalagang pagsikapan ng bawat tao o ng mga mag-aaral ang pagkatuto sa wika upang maging mabunga ang pamumuhay nito sa daigdig. Dapat niyang taglayin ang mga makrong kasanayang pangwika tulad ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at panonood upang maiangkop niya ang kaniyang sarili sa iba't ibang sitwasyon ng buhay. Sa mabisang paggamit niya ng wika ay maisasalaysay niya ang kaniyang matagumpay na akademikong pagganap.

Binigyan din ng panahon upang pag-aralan ni Adigue (2022), ang ugnayan ng kuwentong pambata at kuwentong pangkalikasan. Dito naipakita na higit na natututo ang mga mag-aaral kung may interaktibong lahod sa bawat pagtuturo. Naging sentro ng aralin ay ang mga kuwentong pambata at pangkalikasan na nakapagbigay ng malaking bahagdan sa pag-unawa at interes ng mga mag-aaral upang matuto.

Gayundin sa kaniyang pag-aaral kasama si Valentino (2022) na may titulong terminolohiyang pamandemya na nasa wikang Ingles at implikasyon nito sa pag-unawa nakita niya na ang mga terminolohiya sa pandemya ay higit na binibigyan ng atensyon sa pagpapaunawa gamit ang mga phamplets, radio, telebisyon, at makabagong kagamitang magpapaunawa sa mga termino daan upang maingatan lalo ng mga tao ang kanilang sarili.

Dahil dito, lubhang mahalaga ang pagkatuto sa wastong pagbigkas ng mga salita na may tamang diin, antala o hinto at intonasyon upang maipahayag ng malinaw at wasto ang kaisipan at saloobin. Inaasahan ng kasalukuyang mananaliksik na ang



paggamit ng kagamitanng pampagtuturo, tulad ng interaktibong modyular, higit na magiging mabisa ang pagtuturo at pagkatuto ng wika.

Ang modyul, ayon kay Maayos (2008), ay nagtataglay ng mga tiyak na gawain na buo at ganap sa kaniyang sarili at iniaayos nang sistematiko at komprehensibo. Kung magkagayon, dahil sapat at buo ang modyul ang mag-aaral ang umuunlad at gumagawa ayon sa pansariling bilis, paraan at antas ng pagkatuto at panahon.

Mula sa paggawa ng modyul, nakita ng mga mananaliksik na mas epektibo ang paggamit ng interaktibong presentasyon ng modyul lalo na sa mga araling nangangailangan ng wasto at tamang pagbigkas ng mga salita.

Kaya't ang pananaliksik na ito ay nagbigay tuon sa pagsasagawa ng isang mungkahing interaktibong presentasyong modyular upang ilarawan at marinig ang angkop at tamang tono ng mga salita sa tulong ng makabagong *power point presentation*.

Ang pananaliksik ay nakatuon sa pagbuo at balidasyon ng isang interaktibong modyular sa pagtuturo ng mga suprasegmental: ang diin, antala/hinto, at ang intonasyon. Sa kabuuan sinikap na masagot ang mga sumusunod na layunin: 1) Makabuo ng interaktibong presentasyong modyular bilang kagamitang-pampagtuturo ng mga suprasegmental (ukol sa Diin, Antala/Hinto, Intonasyon); 2) Makapagpabalido ng interaktibong presentasyon ng modyul batay sa sumusunod: a) Layunin, b) Nilalaman, c) Organisasyon at presentasyon, at d) Pagsasanay at Pagsubok; 3) Magamit ang modyul sa aktwal na pagsasanay upang maipakita ang kabisaan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa paggamit ng suprasegmental at 4) Matukoy ang antas ng pagtanggap ng modyul mula sa try-out group.

Ang isang masusing paggamit ng kagamitang panturo sa mga araling gagamitin tatalakayin sa loob ng silid-aralan ay lubhang napakahalaga kung kaya't ang bunga ng pag-aaral na ito ay inaasahang makatutulong sa mga sumusunod:

Sa mga mag-aaral, ito'y magsisilbing impormasyon at gabay kung ano ang wastong bigkas ng mga salita at kung paano nila gagamitin ang mga ito sa iba't ibang sitwasyon ng buhay na kinahaharap niya sa araw-araw na pakikisalamuha sa kapwa. Ang kaniyang ugnayang sosyal ay mapabubuti sapagkat maiaangkop niya ang kaniyang komunikasyon sa iba't ibang istratohiyang tumutugon sa pag-unlad ng kaniyang pangangailangang pisikal, emosyonal, sikolohikal, kultural, mental at ispirital.

Sa mga guro ng wika, ito ay maaaring maging daan upang malaman ang kahinaan o kahusayan ng isang mag-aaral sa pagbigkas lalo silang maging bihasa sa pagsasalita ng wikang pinag-aaralan. Maaari rin itong maging batayan sa mabuting pagpapalano ng balangkas ng mga aralin, paghahanda sa palatuntunang pangwika at pagpili o paghahanda ng mga angkop at sapat na mga kagamitang pampagtuturo.

Sa mga administrador ng paaralan, ito'y isang makabuluhang impormasyon ukol sa kasalukuyang ipinatutupad na programa at mga bahaging kailangang mamodipika at mabago upang lalong mapaunlad ang programa at maipagkaloob ang kahandaang pagtuturong kailangan ng mga guro upang higit na mapataas ang kalidad ng edukasyon.

Sa mga tagaplano at tagapagtaguyod ng wika, ito'y magagamit na datos sa paghahanda ng mga patakaran, palatuntunan, training, seminar, workshop, at mga katulad nito para sa lalong ikasusulong at ikalalaganap ng wikang Filipino.

BALANGKAS KONSEPTWAL

Ang kompyuter ay isang motibasyon sa mga mag-aaral na nakakaragadag ng malaking interes sa kanilang pag-aaral at pagkatuto. Napapadali naman sa bahagi ng mga guro ang pagtuturo sa gayon ay madaling maipapaliwanag ang bawat aralin at di magsasawa ang mga mag-aaral sa paulit-ulit na pamamaraan o istratohiya nito.

Ang mga mananaliksik ay gumawa ng isang interaktibong presentasyong modyular na may kinalaman sa R and D Method na may apat na proseso: ang 1) Pagbuo ng Modyul, 2) Pagpapaunlad sa Modyul, 3) Pagpapabalido sa Modyul, at 4) ang paggamit ng mga try-out group sa modyul.

Ang unang proseso na pagbuo sa modyul ay may panimulang paghahanda at maaring maging daan sa pag-alam ng paksang gagawin sa pagbuo ng modyul. Ang pagtukoy sa detalyadong pagsulat ang siyang sumunod naparaan. Dito nabuo ang mga layunin, ang nilalaman na siyang pinakapaksa ng modyul at ang mga pagsubok at pagsasanay. Ibinatay sa sylabus at mga sanayang aklat sa pagtuturo ng Fil 1 –Sining ng Pakikipagtalastasan na ginagamit ng Tarlac State University.

Ang ikalawang proseso ay ang pagpapaunlad sa modyul. Sa bahaging ito ng modyul ay ginamitan na ng power point presentation na inilagay sa CD o compact disk. Ang paglapat ng mga graphics, drawings at mga special effects ang naisagawa sa prosesong ito. Ang paglalapat din ng boses ng mananaliksik sa pagtalakay ng bawat paksa ay maingat na isinagawa. Pumili ng isang mahusay na may kinalaman sa kompyuter ang mananaliksik upang madaling maisagawa ang ganitong pamamaraan ng pag-aaral.


Pagpapabalido sa modyul ang ikatlong proseso. Upang matamo ang kahusayan ng modyul, ito ay ipinasuri sa apat na eksperto gamit ang checklist. Ang checklist ay kinapapalooban ng mga panukatang batay sa naisagawang modyul mula sa layunin, nilalaman, organisasyon at presentasyon, at ng pagsubok at pagsasanay.



Kasama rin sa prosesong ito ang pagsasaayos na ng mga angkop na graphics at drawings ng modyul. Anumang problema hinggil sa karikaturang naipakita na may kinalaman sa kompyuter ay maingat na ipinaalam sa bihasa nito upang mabago at mas makapukaw-sigla sa pag-aaral at pagkatuto.

Matapos masuri ang naihandang interaktibong presentasyong modyular, ito ay nirebisang muli upang masunod ang mga angkop at tamang ayos sa pagsulat ng modyul sa gayo’y ang aktwal na pagsulat ay maiaangkop sa pampinal na pagbubuo ng modyul.

Ang huling proseso ay ang paggamit ng try-out group. Ang labindalawang mag-aaral sa kolehiyo ng edukasyon ng Tarlac State University ang siyang ginamit na mga try-out group ng pag-aaral. Sila ay napili batay sa marka ng antas ng pagkatuto sa asignaturang Filipino. Sila ang sumubok sa kalidad ng pinabalidong interaktibong presentasyong modyular sa pamamagitan ng pagbibigay ng post-test ng pag-aaral. Sila rin ang pinasagutan ng tseklist sa gayo’y maipapakita ang kabisaan ng paggamit ng ganitong pamamaraan sa pagtuturo ng modyul na may paksang Suprasegmental: Diin, Antala at Intonasyon.



Figur 1: Prosesong Daluyan

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral ay gumamit ng *R and D method* na kung saan ang mga ito ay dumaaan sa proseso sa paggawa at pagpapaunlad ng modyul na ginamitan ng makabagong teknolohiya. Ang presentasyon ng nabuong modyul ay ginawa sa paglalapat ng power point presentation na ginamitan ng visual basic. Ito ay dumaaan sa apat na proseso: pagbubuo ng modyul, pagpapaunlad sa modyul, pagpapabalidasyon ng modyul, at ang paggamit ng mga try-out group sa modyul.

Ang pag-aaral na ito ay nilahukan ng labindalawang mag-aaral na nagsilbing try-out group sa kolehiyo ng Tarlac State University na kasalukuyang kumukuha ng Filipino 1 na may diskripsiyong Sining ng Pakikipagtalastasan, Taong Panuruang 2010-2011. Sila’y pinangkat ayon sa antas ng kanilang kaalaman o pagkatuto. Ang mga kumukuha ng pagkaguro sa Kolehiyo ng



Edukasyon ang pinili sa pag-aaral dahil ang mga ito ay mahahantad sa ganitong uri ng propesyon at magbibigay inspirasyon na rin sa kanila sa pagtahak nila ng ganitong larangan.

Kasama rin sa pag-aaral ang apat na guro at propesor sa Filipino ng nasabing unibersidad bilang tagataya ng ginawang interaktibong modyul.

Paggamit ng interaktibong presentasyong modyular na may paksang suprasegmental ng wikang Filipino ang pinakalayunin ng mga mananaliksik sa pagbuo ng modyul.

Ang mga paksa, gawain at pagsasanay ay iniangkop sa kakayahan at interes ng mga mag-aaral upang maging makabuluhan, kawili-wili at napapanahon ang kanilang pag-aaral. Ito ay iniayon sa mga kasanayan sa pagkatuto (learning competencies) na itinadhana ng Commission on Higher Education (CHED).

Mula sa CHED Memorandum Order No. 54 serye ng taong 2007, ang syllabi ng Filipino 1,2,3 ay sumasailalim sa bagong General Education Curriculum. Sapagkat ang pag-aaral ay nauugnay sa Filipino 1 na kurso ang deskripsyon nito ay akma sa kasalukuyang pag-aaral.

Ang Filipino 1 ay isang metalinggwistik na pag-aaral sa wikang Filipino. Nakatuon ito sa estruktura, gamit, katangian at kahalagahan ng wikang Filipino sa akademikong larangan kung kaya't ang pag-aaral ay isang maganda at mabisang pananaliksik para sa ganitong kurso.

RESULTA

PAGBUO NG MODYUL

Ang modyul ay kinapalooban ng mga aralin sa suprasegmental ang diin, antala/hinto at ang intonasyon. Ang bawat kaisipan at teoretikal na basehan ay hinango sa iba't ibang mga aklat ng sining ng pakikipagtalastasan, komunikasyon at wika. Ang mga halimbawa sa bawat konsepto ay orihinal na ginawa ng mananaliksik gayundin ang pagsasatinig sa loob ng bawat lektura't akda ay binosesan ng mananaliksik sa gayon malubos ang orihinalidad ng nabuong interaktibong modyul sa suprasegmental. Ang ginamit na materyal sa pagtitipon ay isang *compact disk* na siyang susing kagamitan sa paglilikom ng lektura, Pagsasatinig at mga aplikasyong makapagbibigay ng malaking interes sa mga mag-aaral. Ito ay nakapagtala ng tatlong aralin ang diin, antala/hinto, at ang intonasyon. Sa bawat aralin ay kinapalooban ng mga orihinal na akda na siyang naging lundayan ng pagbibigay aplikasyon sa bawat pagsasanay ng mga aralin. Inilapat ang akda ni Rosario Liwayway-Lingat na pinamagatang "Ang Estero" sa pagpapayaman ng mga gawain sa oral na pagtataya sa loob naman ng silid-aralan. Ginamit din ang worm-word technique sa pagkakaloob ng pagsasanay sa diin, ang kahoot sa pagbibigay naman ng pagsasanay sa anta/hinto at sa intonasyon.

PAGPAPAUNLAD SA MODYUL

Sa pagpapaunlad ng interaktibong modyul dumaan ito sa mga gurong nagtuturo na sa Filipino sa Kolehiyo upang masuri at mabasa ang laman at kabuoan ng mga lektura't akda ng interkatibong modyul ito ay nagpakita ng mataas na katanggap-tanggap bagaman ay may mga pangangailangan pa ring baguhin at muling bosesan ang ilang mga lektura sa bawat aralin na binigyang-tinig. Ang interaktibong modyul ay ginamitan na ng power point presentation na inilagay sa CD o compact disk. Ang paglapat ng mga graphics, drawings at mga special effects ang naisagawa sa prosesong ito. Ang paglalapat din ng boses ng mananaliksik sa pagtalakay ng bawat paksa ay maingat na isinagawa. Pumili ng isang mahusay na may kinalaman sa kompyuter ang mananaliksik upang madaling maisagawa ang ganitong pamamaraan ng pag-aaral. Higit na nagkaroon ng mahusay na mukha at halimbawa ang materyal upang malubos sa laan nitong gamit. Higit na kinagiliwan din ng mga guro ang makabagong kagamitan na sinaliwan at nilapatan ng makabagong dulog sa pagtuturo.

PAGPAPABALIDO NG MODYUL

Ang anomang gawain ay napaghuusay at napagtibay kung ito ay dumaan sa ebalwasyon. Ang interaktibong modyul ay dumaan sa balidasyon ng mga gurong eksperto sa araling Filipino. Nakapagtala ng 4.9 kabuoang mean sa layunin sapat upang masabing ang layunin ay sa ikabubuti't ikagagaan ng pagtuturo't pagkatuto sa mga araling suprasegmental sa Filipino.

Gayundin nakapagtala ng 4.8 kabuoang mean ang nilalaman ng mga lektura't akda ng nabuong makabagong materyal. Ang mga akda ay orihinal na isinulat ng mga mananaliksik upang maipakita ang awtentikong paggamot ng mga akdang pampanitikan ang mga akda nito'y ang "Kabiyak na Puso", "Love Quest" at ang "Paslit ang Batang Mayaman". Gayundin ang Pagsasatinig sa bawat lektura't akda ay nakapagbigay ng malaking puntos sa pagtataya daan upang ito ay matanggap at maging malikhain sa proseso ng pagtuturo ng mga aralin sa Filipino.

Ang presentasyon at organisasyon naman ay nakapagtala ng 4.5 kabuoang mean. Ito ay may interpretasyong berbal pa rin na mataas na katanggap-tanggap. Kinagiliwan ang mga aplikasyong ginamit sa power point presentation, worm-word technique at kahoot.



Sa pagtataya naman ng mga pagsasanay at pagsubok nakapagtala ito ng pinakamataas na katanggap-tanggap daan upang masabing ang mga ganitong uri ng malikhain at makabagong pamamaraan sa pagtataya at pagsusuri sa natutuhan ng mga mag-aaral ay nauugnay nang Malaki sa kanilang interes upang makakuha at magpakita ng mataas na marka matapos magamit ang interaktibong modyul.

PAGTUKOY SA ANTAS NG PAGTANGGAP

Nagpakita ng 3.7 kabuoang mean na may interpretasyong berbal na pinakamataas na katanggap-tanggap mula sa mga try-out group na kalahok. Isa lamang itong kahayagan na ang mga ganitong makabagong dulog sa pagtuturo ay higit na mahusay, malikhain at epektibo sa pagtuturo. Hindi naging kabago't bagot ang bawat aralin sapagkat ang mga mag-aaral ay nakikinig na lamang sa kanilang mga napapanood na lektura mula sa power point na ginamit at aplikasyon sa bawat pagsasanay at pagsubok.

Konklusyon

Mula sa natuklasan sa pananaliksik ang sumusunod na kongklusyon ay iminungkahi:

(1) Ang napaunlad at napabalidong interaktibong presentasyong modyular sa pagtuturo ng mga suprasegmental ay may pinakamataas na katanggap-tanggap na interpretasyon, sa gayo'y balido bilang isa sa mga kagamitang panturo sa asignaturang Filipino.

(2) Ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay nagpakita ng pinakamataas na marka, upang matanggap ang modyul na isa sa magagamit na panturo ng mga guro sa pagtuturo ng ganitong disiplina.

(3) Ang kaantasan ng mga tagasagot ay napakataas. Ipinakita lamang na ang modyul ay isang mabisang kagamitan sa pagtuturo-pagkatuto ng mga mag-aaral na kumukuha ng ganitong asignatura.

(4) Ang modyul ay matatawag na user-friendly sapagkat maari itong magamit muli maging sa remidyal, pagpapaunlad o supplementaryong material sa pagtuturo ng Filipino.

Ang kongklusyon ay kaakibat na ng rekomendasyon sa gayo'y maipakita ang maaaring ikagaganda ng pag-aaral kung ito ay magiging basehan sa mga sumusunod pang pananaliksik.

Rekomendasyon

Ang mga sumusunod ay naging rekomendasyon ng pag-aaral:

1. Ang mga guro sa tersyarya ay hinihikayat na makabuo ng ganitong kagamitang pampagtuturo ng Fil 1 – Sining ng Pakikipagtalastasan, Fil – 2 Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik, Fil-3 Mabisang Pagpapahayag at sa iba pang medyor sa Filipino upang mas maging atentibo at mapadali ang paghihikayat sa mga mag-aaral na matuto.
2. Ang kagamitang panturong ito ay maaaring gawin sa iba pang disiplina ng pag-aaral upang higit na mapaunlad ang pagtuturo-pagkatuto ng mga mag-aaral.
3. Ang ganitong pananaliksik ay maaaring gawin sa mas malaking bilang ng mga tagasagot gamit ang eksperimental na proseso upang maipakita ang pagkakaiba ng mga ginamitan ng interaktibong presentasyong modyular kumpara sa tradisyunal na pagtuturo.

SANGGUNIAN

1. Adigue, Andrea P. (2022). Ugnayan ng Kuwentong Pambata at Kuwentong Pangkalikasan. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research Vol: 8 Issue: 10 p. 257*
2. Adigue, Andrea P. at Mariel Valentino. (2022). Terminolohiyang Pamandemya na nasa Wikang Ingles at Implikasyon nito sa Pagunawa. *International Journal of Multilingual Studies, 1(1), p.35-47*
3. Alfonso o. Santiago at Norma Tiangco. (1991). *Makabagong Balarilang Filipino: Binagong Edisyon. Manila: Rexbookstore.*
4. Bagsit – Macaraig, Milagros. (2000). *Pagpapahayag Retorika at Bigkasan. Manila: Rexbookstore.*
5. Don D. Hamil at Nettie R. Bartel. (1978). *Teaching Children with Learning and Behavior Problems. Boston: Allyn Bacom, Inc.*
6. Fe Otones at Paul Schater. (1992). *Tagalog Reference Grammar. University of California Press.*
7. Mayos, Norma et. al. (2008). *Ang Guro sa Bagong Milenyo: Mga Kagamitang Panturo sa Filipino. Cabanatuan City: JIMCY Publishing House.*
8. Oxford, Clarence R. (1990). *Silent and Oral Reading. San Francisco: Holton Miffin Co.*
9. Ruedas Joselito. (2001). *Paghahanda sa mga Kagamitang Pampagtuturo. Cabanatuan City: JIMCY Publishing House*
10. *Saligang Batas ng Filipinas. 1987 Artikulo XIV, Sek. 1*